
2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4: Bumubuo ng Komunidad




CO_Q1_AP 2_ Module 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Bumubuo ng Komunidad**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Fatima A. Mejia |
| **Patnugot:** | Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag |
| **Tagaguhit:** | Christopher S. Carreon |
| **Tagalapat:** | Rachel S. Dela Cruz |
| **Tagapamahala**: | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Bumubuo ng Komunidad

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad upang maunawaan ng mga mag-aaral ang Pagkilala sa Komunidad.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

1. natutukoy ang mga bumubuo ng komunidad
   a. mga taong naninirahan;
   b. mga institusyon;
   c. mga iba pang istrukturang panlipunan;

2. naipaliliwanag ang kahalagahan ng bawat institusyong bumubuo ng komunidad.

## Subukin


Kilalanin ang mga sumusunod na larawan. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.

1. 

_______________

2. 


_______________

3. 

_______________

4. 

_______________

5. 

_______________

# Aralin 1 Bumubuo ng Komunidad

## *Balikan*

Balikan ang nakaraang aralin.

Mula sa mga salita sa bawat kahon buuin ang kahulugan ng komunidad. Isulat ang sagot sa ibaba.

| | |
|---|---|
| **pisikal na kalagayan** | Naninirahan sa isang **pook na magkatulad** |
| ay binubuo ng **pangkat ng mga tao** | |
| **kapaligiran** at | Ang **komunidad** |

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## *Tuklasin*

Nakapasyal ka na ba sa iyong komunidad?

Ano-ano ang mga istruktura na iyong nakita?

Alam mo ba ang kahalagahan ng bawat istruktura sa iyong komunidad?

Basahin ang maikling tula patungkol sa komunidad ni Celso.

### Ang Aking Komunidad

Akda ni Fatima A. Mejia

Celso ang aking ngalan,
Masayang pamilya ang aking tangan,
Sa tabing dagat ang aming tirahan,
Sariwang hangin aming nalalanghap.

Sa may Kanluran ang Pamilihang Bayan,
Mga isdang huli doo'y dinadala,
Kung pupunta sa Silangan,
Iyong makikita aming paaralan at simbahan.


Sentrong Pangkalusugan sa timog madadatnan,
Mga doktor at nars ika'y lulunasan,
Sa hilaga ay Pamahalaang Bayan at
Pook-libangan,
Ito ang komunidad na aking kinabibilangan.

Ilarawan ang komunidad ni Celso?

Saan matatagpuan ang komunidad ni Celso?

Ano-ano ang mga bumubuo ng komunidad ni Celso?

## *Suriin*



Ang komunidad ay binubuo ng pamilya, paaralan, pamahalaan, simbahan, sentrong pangkalusugan, pook libangan at pamilihan.

Ang bawat institusyon ay mahalaga sa pagtugon ng mga pangangailangan ng bawat kasapi nito.

Ang mga larawan ay ang mga institusyong bumubuo ng komunidad.


## Mga Institusyong Bumubuo ng Komunidad




Pamilya ang pinakamaliit na yunit ng pamayanan kung saan haligi ng tahanan o tatay, ilaw ng tahanan o nanay at mga anak.



Paaralan ang siyang nagbibigay ng pormal na edukasyon sa mga mag-aaral upang mapalawak pa ang kaalaman sa iba't-ibang kasanayan.



Pamahalaan ang gumagawa at nagpapatupad ng mga batas sa komunidad upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan.



Simbahan ang nagpapahayag ng salita ng Diyos ayon sa Bibliya upang mas tumibay ang ating pananampalataya sa Maykapal.



Ospital o *Health Center* ang nagbibigay ng serbisyong medical sa komunidad. Sinisigurong mapanitili ang maayos na kalusugan ng bawat kasapi.




Pook-ibangan o lugar pasyalan na pinagdarausan ng mga aktibidad o programa ng komunidad.





Pamilihan ang lugar kung saan mabibili ang mga pangunahing pangangailangan ng mga kasapi ng komunidad tulad ng pagkain, damit at iba pa.


## Pagyamanin


**A. Panuto:** Buuin ang mga pangalan ng mga sumusunod na institusyon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 

2. 


3. 

4. 

5. 

**B. Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang mga institusyong bumubuo sa komunidad. Isulat sa loob ng bawat bahay ang sagot. Gawin ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| kabinet | pamahalaan | tindahan |
| ospital | mall | paaralan |
| pamilihan | kahon | anyong lupa |
| pamilya | tao | bagay |



**C.Panuto:** Basahin ang maikling tula, itala ang mga institusyon na mayroon ang komunidad ni Celso. Isulat ang sagot sa mga kabahayan. Gawin ito sa sagutang papel.

## Ang Aking Komunidad


Akda ni Fatima A. Mejia

Celso ang aking ngalan,
Masayang pamilya ang aking tangan,
Sa tabing dagat ang aming tirahan,
Sariwang hangin iyong malalanghap.


Sa may Kanluran ang Pamilihang Bayan,
Mga isdang huli doo'y dinadala,
Kung pupunta sa Silangan,
Iyong makikita aming paaralan at simbahan.

Sentrong Pangkalusugan sa timog madadatnan,
Mga doktor at nars ika'y lulunasan,
Sa hilaga ay Pamahalaang Bayan at
Pook-libangan,
Ito ang komunidad na aking kinabibilangan.

Mga Institusyon na bumubuo sa komunidad ni Celso





**D. Panuto:** Itala ang mga institusyon na matatagpuan sa iyong komunidad. Isulat ang iyong sagot sa kahon. Gawin ito sa hiwalay na papel.



**E. Panuto:** Lagyan ng masayang mukha  ang patlang kung ito ay halimbawa ng mga institusyong bumubuo sa komunidad at ekis **X** naman kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

_______ 1. 

_______ 2. 

_______ 3. 


_______ 4. 

_______ 5. 

**F. Panuto:** Tukuyin kung anong institusyon na bumubuo ng komunidad ang isinasaad sa bawat bilang. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Lugar kung saan sama-samang nananalangin ang mga tao.
   A. simbahan
   B. paaralan
   C. barangay hall
2. Ang institusyon na humuhubog sa kaisipan ng mga mag-aaral tungo sa pag-unlad.
   A. health center
   B. paaralan
   C. barangay hall
3. Nangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan.
   A. paaralan
   B. health center
   C. pamilihan
4. Ito ay lugar kung saan nabibili ang mga pangunahing pangangailangan.
   A. barangay hall
   B. pamilihan
   C. paaralan
5. Ang lugar kung saan maaaring mamasyal at makapaglaro ang mag-anak.
   A. paaralan
   B. plasa
   C. pamilihan

**G. Panuto:** Ibigay ang kahalagahan ng bawat institusyong nasa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Mga Institusyong Bumubuo ng Komunidad | Kahalagahan ng bawat institusyon |
| --- | --- |
| 1.  | |
| 2.  | |
| 3.  | |
| 4.  | |
| 5.  | |

H. **Panuto:** Piliin ang letra ng tamang salita na bubuo sa diwa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Sinasamahan ko si inay sa pagpunta sa ______________ upang bumili ng mga prutas at gulay.
   A. paaralan
   B. pamilihan
   C. plasa

2. Ang aming ______________ ay masayang nakatira sa Bayan ng Tarlac.
   A. plasa
   B. ospital
   C. pamilya

3. Sa _____________ dinadala ang aking bunsong kapatid upang mabigyan ng libreng bakuna at mga bitamina.
   A. health center
   B. pamahalaan
   C. simbahan

4. Tuwing araw ng Linggo ay sama-sama kaming nagtutungo sa ______________ upang magdasal at magpasalamat sa Diyos.
   A. ospital
   B. simbahan
   C. plasa

5. Sa ______________ kami ay tinuturuang magbasa, magsulat at mapalawak pa ang aming kaalaman.
   A. paaralan
   B. health center
   C. pamilihan

## Isaisip

**Panuto:** Piliin ang angkop na salita upang mabuo ang diwa ng talata. Gawin ito sa sagutang papel.

Ang komunidad ay binubuo ng **(nanay, pamilya)**, **(paaralan, gusali)**, **(prinsipal, pamahalaan),** simbahan, sentrong pangkalusugan, **(pook-libangan, pook-taguan)** at pamilihan.

Ang bawat institusyon ay mahalaga sa pagtugon ng mga **(paghahanap, pangangailangan)** ng bawat kasapi nito.

# Isagawa

**Panuto:** Tukuyin ang institusyong tinutukoy sa bawat pahayag ni Ana. Piliin ang tamang sagot sa kahon. Gawin ito sa hiwalay na papel.

| | | |
|---|---|---|
| health center | palengke | simbahan |
| pamilya | paaralan | |

Ako si Ana, kasama ng aking ____________ ay nagtutungo kami sa ________________ tuwing araw ng linggo upang sama-samang magdasal at magpasalamat sa Diyos. Pagkatapos magsimba, sinasamahan ko si inay sa ______________ para bumili ng aming pagkain at iba pang pangangailangan.


Pagdating ng araw ng Lunes hanggang Biyernes ako naman ay pumapasok sa ________________ upang mabigyan ng pormal na edukasyon. Masaya ako na nagkaroon ako ng pagkakataon na makapag-aral.

Samantala, malapit naman dito ang aming _________________ na bukas sa mga mamamayan upang magbigay ng libreng bakuna, bitamina at gamot sa mga may sakit.

Ito ang naibibigay ng aking komunidad sa aking sarili at aming pamilya.

## *Tayahin*

**Panuto:** Pagtambalin ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___ 1.  | A. Lugar kung saan maaaring makapaglibang at makapaglaro. |
| ___ 2.  | B. Gumagawa ng batas at nagpapanatili ng kaayusan sa komunidad. |
| ___ 3.  | C. Nabibili ang mga pangunahing pangangailangan. |
| ___ 4.  | D. Binubuo ng mag-anak, nanay, tatay at mga anak. |
| ___ 5.  | E. Binubuo ng mag-anak, nanay, tatay at mga anak. |

# *Karagdagang Gawain*


**Panuto:** Hanapin at kulayan sa crossword puzzle ang mga sumusunod na salita na tumutukoy sa iba pang mga istrukturang panlipunan na matatagpuan sa komunidad.

plasa munisipyo palengke
barangay hall health center

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | P | K | J | G | N | B | L | P | E | D | P |
| B | A | R | A | N | G | A | Y | H | A | L | L |
| S | D | M | U | N | I | S | I | P | Y | O | A |
| A | G | J | K | I | O | I | I | O | P | U | S |
| P | A | L | E | N | G | K | E | X | Y | F | A |
| H | E | A | L | T | H | C | E | N | T | E | R |

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Pagyamanin A | Pagyamanin B |
|---|---|---|---|
| 1. pamilya<br>2. simbahan<br>3. ospital<br>4. pamilihan<br>5. parke | Ang komunidad ay binubuo ng pamilya, paaralan, pamahalaan, simbahan, sentrong pangkalusugan, pook libangan at pamilihan. | 1. simbahan<br>2. paaralan<br>3. ospital<br>4. pamilihan<br>5. plasa | 1. pamahalaan<br>2. paaralan<br>3. ospital<br>4. pamilihan<br>5. pamilya |

| Pagyamanin C | Pagyamanin D | Pagyamanin E | Pagyamanin F |
|---|---|---|---|
| Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. | Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. |  | 1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. E<br>5. A |

| Pagyamanin G | Pagyamanin H | Isaisip | Isagawa |
|---|---|---|---|
| Maaaring iba-iba ang sagot ng mag-aaral. | 1. pamilihan<br>2. pamilya<br>3. Health Center<br>4. simbahan<br>5. paaralan | 1. pamilya<br>2. paaralan<br>3. pamahalaan<br>4. pook-libangan<br>5.pangangailangan | 1. pamilya<br>2. simbahan<br>3. palengke<br>4. paaralan<br>5. Health Center |

| Tayahin | Karagdagang Gawain |
|---|---|
| 1. D<br>2. B<br>3. E<br>4. A<br>5. C | Patayo<br>-plasa<br><br>Pahalang<br>-barangay hall<br>-munisipyo<br>-palengke<br>-health center |

# *Sanggunian*

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Ano ang Komunidad?" Araling Panlipunan 2 (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 3-17.

Gloria M. Cruz, Charity A. Capunitan, Emelita C. dela Rosa, Leo F. Arrobang "Ano ang Komunidad?" *Araling Panlipunan 2 Patnubay ng Guro* (Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Unang Edisyon, 2013), 3-5.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph